
# Mga Bakuna

## Bakit Mahalaga ang mga Ito?




### Ang Pagbabakuna ay Ligtas, Lubos na Epektibo At Madaling Paraan Para:

- Protektahan ang iyong sarili mula sa mga sakit at malubhang sakit.
- Pigilan ka sa pagkalat ng mga sakit sa iba na maaaring magkasakit nang husto, tulad ng mga matatanda, mga taong mahina ang sistema ng imyunidad, mga buntis na indibidwal at mga taong hindi maaaring mabakunahan, kabilang ang mga sanggol sa ilang mga kaso.

### Sino ang Nangangailangan ng mga Bakuna?

- Lahat ay maaaring makinabang mula sa mga bakuna, mula sa mga bagong panganak hanggang sa matatanda.
- Inirerekomenda ang mga bakuna batay sa iyong edad at kondisyon sa kalusugan, at maaaring kailanganin mo ito para sa paaralan, trabaho, paglalakbay, o pag-aalaga ng bata.
- Para sa pinakamahusay na proteksyon, mahalaga na manatiling napapanahon sa mga bakuna sa pamamagitan ng pagkuha ng lahat ng inirerekomendang dosis.



Upang malaman kung anong mga bakuna ang inirerekomenda para sa iyo, tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) o parmasyutiko. Para sa listahan ng mga inirerekomendang bakuna, bisitahin ang: https://www.cdc.gov/vaccines.


### Paano Gumagana ang mga Bakuna?

- Ang mga bakuna ay nagtuturo sa iyong katawan na matuklasan ang mga mapanganib na virus o bakterya at lumikha ng mga espesyal na mga panlaban ng katawan (antibodies) upang mapanatili kang malusog kung sakaling mahawahan ka.
- May iba't ibang uri ng mga bakuna. Maaari silang ibigay bilang mga iniksyon, pag-inom, o sa pamamagitan ng pagdaan sa ilong.
- Maraming bagay ang maaaring makaapekto sa antas ng proteksyon na ibinibigay ng bakuna, kabilang ang dami ng pagkakalantad sa impeksyon, oras mula ng tinanggap ang bakuna at mga personal na kadahilanan sa kalusugan. Bagamat walang bakuna ang 100% na perpekto, ang mga ito ang pinakamahusay na paraan para maprotektahan ka mula sa malubhang sakit.

County of Los Angeles Public Health

# Mga Bakuna

## Bakit Mahalaga ang mga Ito?




### Paano Natin Malalaman na Ligtas ang mga Bakuna?

- Bago pa man magkaroon ng bagong bakuna para sa publiko, maraming pagsusuri ang ginawa para malaman na ligtas ito at nagbibigay ng mas maraming proteksyon kaysa kung hindi man lang nabakunahan ang isang tao.
- Inaprubahan ng mga ahensya ng pederal ang mga bagong bakuna at sinusubaybayan kung paano ginagamit ang mga ito, mga epekto at pagiging epektibo, gumagawa ng mga pagbabago kung kinakailangan.
- Ang malawak na pananaliksik ng mga siyentipiko, hospital at unibersidad ay pinabulaanan ang mga katha-katha sa bakuna at maling impormasyon. Ang mga bakuna ay hindi nauugnay sa autismo o kakayahang mag-anak, ni hindi nila binabago ang DNA o nagiging sanhi ng sakit.

### Bakit Maaaring Maging Masama ang Aking Pakiramdam Pagkatapos Magpabakuna?

- Tulad ng gamot, ang mga bakuna ay maaaring magkaroon ng mga epekto, tulad ng lagnat, pagkapagod, pananakit ng ulo, at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna.
- Ang mga epektong ito ay nagpapakita na ang iyong katawan ay bumubuo ng proteksyon laban sa virus.
- Karamihan sa mga tao ay nagkakaroon lamang ng banayad na epekto, o hindi nagkakaroon ng kahit anong epekto. Ang mga epekto ay karaniwang nawawala ng kusa sa loob ng ilang araw.
- Ang mga seryosong epekto ay bibihira. Kung lumalala ang mga epekto, magpabahala sa iyo o tumagal ng higit sa dalawang araw, kontakin ang tagapagbigay ng pangangalaga (provider) mo.



**Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)**

Para sa mas marami pang impormasyon, ang Sentro ng Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas ng 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang lingo sa **1-833-540-0473**.



County of Los Angeles Public Health